# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA II

## Yunit 1
## Modyul Blg. 4
## Ang Media at Makabagong Teknolohiya

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

" Sumusunod . . . sumusunod sa galaw mo . . . sumusunod. . ."

Di ba kapapanood mo lang ng telebisyon? Ano nga ang huling "TV show" na napanood mo?

Talagang nakaaaliw ang TV. Malakas ang hatak nito sa mga pandama, sa emosyon at imahinasyon. Ang mga tinedyer ay nagmamadaling magkaroon ng mga bagay na napapanood at inaanunsyo. Mga bagay na may dulot ng panandaliang kasiyahan upang makasunod sa uso at maging tanggap sa barkada; sosyal ang dating. Nakakaakit lingunin ang tinedyer na may makinis na kutis dahil sa "ponds." Masarap yata ang "hamburger" sa Jollibee o kaya'y sa McDonald. Nakakakiliti ang awit ni Andrew E.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito inaasahang natututuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga.

Naipaliliwanag ang tungkulin ng pamilya sa mapanagutang pagpili at paggamit ng media at makabagong teknolohiya (L.C. 1.6)

A. Natatalastas ang tungkulin ng pamilya sa mapanagutang pagpili at paggamit ng media at makabagong teknolohiya (ICT)
B. Nailalahad ang kontribusyon ng media at makabagong teknolohiya sa pag-unlad ng pamilya
C. Nasusuri ang mabubuting babasahin, palabas sa TV at mga panoorin.

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga II kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.

2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

## II. Handa Ka Na Ba?

A. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Ilang oras ang ginugugol mo sa panonood ng TV sa isang araw?
______________________________________________________
__________________________________________________

a. Anong palabas ang pinanonood mo? Lagyan ng tsek.

drama _______ horor _______
komedi ______ entertainment show _______

b. Bakit gusto mong panoorin?
________________________________________________
________________________________________________

2. Ano ang gusto mong anunsyo sa TV?
________________________________________________
________________________________________________

a. Bakit gusto mo ito?
________________________________________________
________________________________________________

3. Anong pahayagan ang binabasa mo?
Manila Bulletin __________ People's Journal _______
Daily Inquirer ___________ Abante _______
Iba pa ____________

a. Anong kolum ang unang binabasa mo?
Pang-ulong Balita _____ Isport __________
Anunsyo ____________ "Feature" _______
Editoryal ____________ Iba pa __________

b. Bakit gusto mo itong unahin?

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Anong babasahin ang kinahihiligan mo ngayon?

   aklat ___________________ magasin _________

   “pocket book” ___________ iab pa ___________

   a. Bakit ito ang gusto mo?

   _______________________________________________

   _______________________________________________

5. Naglalaro ka ba ng video games?

   Oo ________ Hindi ________

   Saan?

   _______________________________________________

   _______________________________________________

6. Nag – iinternet ka ba?

   Oo ________ Hindi ________

   Saan?

   _______________________________________________

   _______________________________________________

7. Isulat ang mga dahilan kung bakit ginagawa mo ang mga nasa itaas.

   a. Nanonood ako ng TVdahil

      _______________________________________________

      _______________________________________________

   b. Nagbabasa ako ng pahayagan dahil

      _______________________________________________

      _______________________________________________

   c. Nagvi – video game ako dahil

      _______________________________________________

      _______________________________________________

   d. Nag – iinternet ako dahil

      _______________________________________________

      _______________________________________________

   e. Gumagamit ako ng selpon dahil

      _______________________________________________

      _______________________________________________

B. Basahing mabuti ang bawat sitwasyon. Piliin ang titik na may angkop na sagot.

1. Sa panonood ng anunsyo sa TV, ang mga sumusunod ay nakakaakit sa mga manonood maliban sa isa.

   A. artistang nag-aanunsyo
   B. "jingle" na ginagamit
   C. bagay na inaanunsyo
   D. programa, oras, channel na nilabasan ng anunsyo.

2. Ang mga sumusunod ay madalas na dahilan upang manood ng TV, maliban sa isa.

   A. magpalipas – oras
   B. magsama-sama ang pamilya
   C. mapanood ang paboritong artista
   D. pumili ng produktong tamang bilhin at gamitin.

3. Kung hindi pinipili ang mga panoorin ng mga bata sa TV, ano ang maaaring mangyari?

   A. magiging tama at totoo ang mga napapanood
   B. magagaya ang napapanood
   C. mangangarap mag-artista
   D. magiging alipin ng TV.

4. Mahalaga na ang mga magulang ay kasama ng mga bata sa panonood sapagkat

   A. nagagabayan ang mga bata sa mali at tamang nakikita
   B. nagiging masaya at buo ang pamilya
   C. nakapagdaragdag ng oras sa panonood
   D. nakakapagkuwento sa nangyari




5. Mabilis at makabago ang kaalaman na makukuha sa internet. Ano ang implikasyon nito?

   A. ang kapayapaan at pag-unlad ay mabilis na makakamit
   B. ang mga pamilya ay madaling magkakaugnay
   C. ang kaalaman ng mga bansa ay magpapalitan.
   D. ang kultura ay napipilitang magbago.

# III. Tuklasin Mo

## Gawain Blg. 1.

Punan ang puwang ng titulo ng artikulo, programa at lagyan kung ano ang epekto nito.

| Media | Artikulo/Programa | Epekto sa Sarili | Epekto sa Pamilya |
|---|---|---|---|
| Aklat | | | |
| Magasin | | | |
| Radyo | | | |
| Telebisyon | | | |
|  Video Game | | | |
|  "Website" sa Internet | | | |
|  Cellphone | | | |

## Sagutin Mo

1. Sa pagsusuri mo, alin sa mga uri ng media sa itaas ang higit na kapakipakinabang sa iyo at sa pamilya mo? Ipaliwanag.
2. Alin naman ang hindi masyadong kapakipakinabang? Bakit?

3. Ano ang artikulo o programa na nakapagbago sa buhay mo o sa pamilya mo? Ipaliwanag.

## Gawain Blg. 2

Di ba may kaibigan ka? Kausapin mo siya. Itanong mo sa kanya ang sumusunod.

Pangalan ___________________________ Edad_______ Kasarian _______

1. Sa lahat ng uri ng media at makabagong teknolohiya, alin ang pinakamahalaga sa iyo? Bakit?

   TV _______ Radyo _______ Magasin_______ Cellphone _______

   Ito ay mahalaga sapagkat _____________________________________
_______________________________________________________________

2. Ano ang kabutihang naidulot sa iyo nito / sa pamilya? ______________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

3. Ang tanong na ito ay para sa 'yo. Sa iyong palagay, mapanuri ba ang kaibigan mo sa mediang pinili niya? Bakit? _____________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

## Gawain Blg. 3

Basahin mo ang pananaw ni Gng. Feny de los Angeles – Bautista, Executive Director ng Philippine Children's Television Foundation (PCTYF) tungkol sa mga bata at media.

Ang Philippine Children's Television Foundation (PCTYF) ang una sa mga pang–edukasyong programa sa television na nauukol sa kabataan. Walong taon nang naglilingkod si Gng Feny de los Angeles – Bautista sa "foundation" na ito. Pangunahing gawain ni Gng Bautista bilang Executive Director ang pag-angkop sa kurikulum ng paaralan ng kuwento at mga stratehiya na nararapat at kasiyasiya sa mga nanonood ng BATIBOT.

Ang PCTYF ay tumatalakay din sa mga palatuntunang "live" upang maipaabot sa mga tahanan ang mga temang tulad ng pangangalaga sa kalikasan, at sa pagpapalaganap ng karapatan ng bata. Gumagamit din ito ng radyo, aklat, kaset at video upang maiparating sa mga tagapakinig at manonood ang mga kaalaman at impormasyong kailangan nila.

Ayon kay Gng Bautista, ang media ay mabagal tungkol sa pagiging "child–friendly." Bagamat dumarami na ang mga matagumpay na programang pambata, kailangan pa rin ang masugid na pagsuporta ng industriya ng media sa kabataan.

Sa pananaw ni Titser Feny, nakikita niya ang mga kabataan ay nahihilig sa panonood ng TV at paggamit ng kompyuter, kaya lalong lalago ang industriyang ito. Kung magkagayon, lalong lalawak ang epekto nito sa mga bata, mabuti man o masama. Ang globalisasyon ay kitang kita at lalong lalago ang kulturang kanluranin, pamumuhay at pagpapahalaga.

Ang Asya, na may pinakamalaking populasyon ng bata, ay magiging target din ng globalisasyon. Ano ang maaaring mangyari? Magkakaroon ng pagbabago sa pananaw at pagpapahalaga. Magkakaroon din ng pagbabago sa industriyang lokal upang kumiling sa pangangailangan ng mga bata sa telebisyon upang makaagapay sa banyagang produksyon. Kapag nangyari ito, dadami ang channel na pambata pagkat sila ang pangunahing kustomer at magiging target na manonood.

Tatlong bagay ang paalala ni Titser Feny sa mga guro:

Una: Ang telebisyon ay dagdag kagamitan sa pagtuturo upang mapalawak ang kaalaman ng mga bata sa kaalamang biswal at spatial, dalawa sa walong
"multiple intelligences" ni Howard Gardner.

Ikalawa: Maging mapanuri sa paggamit ng media at turuan ang mga kabataan sa wastong "pagbasa" ng media.

Ikatlo: Tulungan ang mga magulang sa pagpapaliwanag sa kabataan kung ano ang totoo at hindi totoo sa daigdig ng media.

Halaw sa: *"Quality Teacher"* Vol. 3, No. 4, s. 2000
*"The World of Children & Media"* ni
Joyce Dyan Tee

**Sagutin mo:**

1. Anu-ano ang pananaw ni Gng Bautista sa mga bata at media?
2. Sang-ayon ka ba sa kanya? Pangatuwiranan.
3. Anu-ano ang mga paalala niya sa mga guro?
4. Pagkatapos mong malaman ang pananaw ni Feny tungkol sa media, ano naman ang sarili mong pananaw tungkol dito?

## IV. Ano ang Iyong Natuklasan?

1. Ang kahulugan ng mapanagutang paggamit ng media ay

_______________________________________________
_______________________________________________
______________

2. Ang dulot ng mabuti at mapanuring paggamit ng telebisyon ay _______________________________________________
_______________________________________________
_________________________

3. Nagiging isang mapanuring miembro ng pamilya sa paggamit ng telebisyon kung _______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

## V. Pagpapatibay:

Pagnilayan ang mabuti at masamang dulot ng labis na panonod ng telebisyon.

Di ba ikaw bilang TAO ay may limang dimensyon na dapat linangin?

Talakayin natin ang limang iyon at kung paano mapauunlad o mapipinsala sa labis o di mapanuring panonood ng telebisyon.

| Dimensyon na Nililinang | Mabuting Dulot ng Madisiplinang Panonood ng Telebisyon (Oras at Palatuntunan) | Masamang Dulot ng Di Pagpili sa Panonood ng Programa sa Telebisyon |
|---|---|---|
| **Una:** Pisikal | 1. Maaaring mahilig sa isports at ehersisyo.<br>2. Magkakaroon ng kaalaman sa pangangalaga sa kalinisan sa katawan, nutrisyon, kalusugan at pag-aayos sa sarili.<br>3. Nalilinang ang pandinig at pangbiswal na kasanayan. | 1. Nagiging di-palakibo at palaasa.<br>2. Nababalam ang pagkain, pagtulog, pag-aaral at pang-araw-araw na gawain.<br>3. Nadadagdagan ang pagkain ng mataas sa kalori o kaya'y nawawalan ng gana.<br>4. Nagiging sobra ang sigla at nahihirapan sa pag-tulog.<br>5. Hindi gumagawa ng mga gawain.<br>6. Sa halip na mag-exercise o paglalaro, masyadong nahihilig sa TV. |

| Dimensyon na Nalilinang | Mabuting Dulot ng Madisiplinang Panonood ng Telebisyon (Oras at Palatuntunan) | Masamang Dulot ng Di Pagpili sa panonood ng Programa sa Telebisyon |
|---|---|---|
| | | 7. Napapagod ang mata at nakukuba.<br>8. Nawawala ang pag-papahalaga sa trabaho. |
| **Ikalawa:**<br>Emosyonal | 1. Nasisiyahan sa programa.<br>2. Nagkakaroon ng inspirasyon sa modelong may edad at disiplina.<br>3. Nagkakaroon ng kaiga-igayang karanasang emosyonal sa pagkilala sa mga tauhan. | 1. Nagiging agresibo, biglain nalilito, walang desisyon.<br>2. Nagkakaroon ng di-maka-totohanang pamantayan at dagliang pagkakamit kung anuman ang naisin.<br>3. Nahihirapang lumutas ng alitan at sariling suliranin.<br>4. Pagkukubli sa mundo ng pantasya upang urungan ang mga suliranin; nag-kakaroon ng bangungot. |
| **Ikatlo:**<br>Panlipunan | 1. Natututuhan ang mga panli-punang konsepto ng katotohanan.<br>2. Nalilinang ang mga kasana-yang sosyal at mga karapa-tang kilos sa pamamagitan ng paggaya sa mga modelo. | 1. Nakararanas ng pagka-bagabag sa katahimikan, kaayusan, kasanayan at komunikasyon sa buhay pamilya.<br>2. Hindi nalilinang ang pang-sosyal na kasanayan.<br>Hal. Interaktibong laro, pakikiisa at kasana-yan sa pakikipag-talastasan.<br>3. Natutularan ang mga di-maayos na kilos ng mga modelo. |

| Dimensyon na Nililinang | Mabuting Dulot ng Madisiplinang Panonood ng Telebisyon (Oras at Palatuntunan) | Masamang Dulot ng Di Pagpili sa Panonood ng Programa sa Telebisyon |
|---|---|---|
| **Ikaapat:**<br>Intelektual | 1. Natutuhan ang mga inpormas-yon at unibersal na katotohanan<br>2. Nadadagdagan ang kaalaman lalo't higit sa siyensya at sining.<br>3. Lumalawak ang bokabularyo, imahinasyon, paglikhang kasa-nayan, memorya at pagkahilig sa pagbabasa.<br>4. Nagiging mapanuri kung paano lumutas ng mga problema/kaisipan at paano matantya ang sunod na hakbang.<br>5. Nagiging masigla sa mga gawaing pampaaralan at lumalahok sa mga pagpapa-litang kurso.<br>6. Natututuhang makatutong lubos sa pamamagitan ng paraang awdio – biswal. | 1. Nalalantad sa mga pagpapahalagang immoral, kaisipang marahas, propagan-dang pampolitiko at konsumerismo.<br>2. Natitinag ang pag - aaral, pagbabasa, mapanlikhang paglalaro. Nababalam sa akti-bong pagkatuto at kasanayan sa pag-sulat, gayundin ang paglinang ng kasana-yan sa pagguhit.<br>3. Hindi masuri ang totoo at pantasya sa batang kaisipan.<br>4. Hindi malinang ang tiyak at seguradong pakikipagtalastasan.<br>5. Nahihirapang makinig kung walang bagay na nakikita.<br>6. Maaaring maging mahina at walang konsentrasyon. |

| Dimensyon na Nililinang | Mabuting Dulot ng Madisiplinang Panonood ng Telebisyon (Oras at Palatuntunan) | Masamang Dulot ng Di Pagpili sa Panonood ng Programa sa Telebisyon |
|---|---|---|
| **Ikalima:**<br>Espiritwal / Moral | 1. Natututuhan ang pangkalahatang katotohanan (Universal Truth).<br>2. Naisasapuso ang mga pagpapahalagang moral.<br>3. Naiiugnay kung sino sa mga modelo ay nagsasabuhay ng Batas Moral. (Moral Law) | 1. Nakikita ang paulit-ulit na paglabag sa Moral Law; natututuhan ang pagsisinungaling at di-totoong totoo.<br>2. Nalalantad sa paulit-ulit na gawaing kriminal, labis na pagkatakot at gawaing sagad sa buto.<br>3. Nakakamasid sa mga gawang bayolente, sobrang sama at nakakatakot.<br>4. Nalalantad sa gawang walang patumangga sa seks, paghihiwalay, kabastusan, sobrang pananakit, nalalantad sa di-makatotohanang pagganap ng papel ng babae at lalaki.<br>5. Nakikita ang mga immoral na modelo na iniidolo.<br>6. Nakakatanggap ng mga di-makatotohanang mensahe tungkol sa mga alcohol na iniingganya sa paggamit nito.<br>7. Nakakatanggap ng mga mensahe tungkol sa pampasosyal at etnikong grupo. |

## Wastong Kulturang Makikita sa Telebisyon: Ang Telebisyon Bilang Kagamitan Upang Pansinin ang Kulturang Pagkikilanlan

Gumugugol ang bata ng 1,500 oras sa isang taon sa panonood ng telebisyon samantalang 900 oras naman ay itinitigil niya sa loob ng silid-aralan. Maliwanag na mas maraming bagay ang natutuhan niya sa telebisyon kaysa silid-aralan. Ito ay nakapagdudulot ng masama o mabuti depende sa uri ng programa at haba ng oras na inilalaan niya rito.

Ayon sa pananaliksik, sa paulit-ulit na pag-aanunsyo ng mga produkto, nakukundisyon ang isip ng bata hanggang hangarin niya na makamit ito. Kung paulit-ulit ding nakikita ang karahasan at paggawa nang hindi tama matututuhan din niya ang mga ito. Ito at patunay kung gaano kabisa ang telebisyon sa pagtuturo sa bata.

Halos lahat ng batang nakakakita ng mga pakembot-kembot na sayaw ay naisasagawa ito nang mahusay. Natutuwa ang mga magulang sa husay ng pagkakagaya sa sayaw. Ngunit kung iisipin at titingnang mabuti, ano talaga ang mensahe?

Okey lang ang kaway ni Sandara. Bagong istilo. Ngunit ano ang magiging reaksyon kung isang pitong taong gulang na bata ay pumatay ng isang katulong nang palitan ng maid niya ang tsanel ng telebisyon o kung ang isang rapist ay tumuga na kaya niya ginawa yun ay dahil nagising ang kanyang damdamin dahil sa eksenang nakita niya sa telebisyon?

May mga dahilan para kumilos. Ang katotohanan, may mga pagpapahalaga na naituturo sa mga bata nang hindi namamalayan. Ito ay tinatawag na hidden kurikulum. Tulad ng anunsyo sa sabon, nagpapakinis ng kutis pero sa paggamit noon ay naging pansinin ng mga lalaki? Anong mensahe ang ipinararating ng anunsyo?

Sa ganitong pagkakataon, kailangan ang masusing “pagbasa” sa mensahe ng telebisyon.

Halaw sa: *Quality Teacher,*
Vol. 3, No. 4
s. 2000

## Ang Tungkulin ng Pamilya sa Mapanagutang Pagpili at Paggamit ng Medya

Sinasabi na sa pamilya nagsisimula ang paghubog sa pagkatao ng bata. Wika nga, “Like father, like son.” Kung ano ang mabubuti at maipagmamalaking katangian ng ama, gayundin ang gustong makita sa anak.

Ano ang dapat gawin sa pamilya upang maayos ang paggamit ng media?

1. Piliin ang mga programa na panonoorin at ipaliwanag kung bakit napili.
2. Pag-usapan ang oras/araw kung kailan panonoorin.
3. Kung maaari, samahan ang bata sa panonood.
4. Pag-usapan ang napanood.
    a. pagtimbang-timbangin ang mga ideya, pagpapahalaga, gawi at kilos ng mga tauhan.
    b. tanungin sa bata ang epekto ng pinanood niya.
    c. Hikayating ibahagi ang kanyang naramdaman at mga iniisip tungkol sa pinanood.
5. Gabayan ang bata upang bigyan ng prayoridad ang paggawa ng takdang-aralin kaysa panonood ng telebisyon o paglalaro ng computer games.

6. Kung may simbolong “Parental Guidance”, samahan ang bata sa panonood.

Halaw sa: *Education in Values, What, Why, and for Whom.*
Ni Esther Joos Esteban

## VII. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Ang mga sumusunod ay mga paraan sa paggamit ng media. Ito ay gagabay sa iyo upang maging mapanuri ka.

1. Pipiliin ko ang mahuhusay na programa sa telebisyon. Panonoorin ko ay ________________________________________________
________________________________________________

2. Bibigyan ko ng takdang oras ang panonood nito. Manonood ako mula
________________________________________________
________________________________________________

3. Babalansehen ko ang pag-aaral at panonood ng tlebisyon. Uunahin ko ang ________________________________________________
________________________________________________

4. Pahahalagahan ko ang mensaheng ipinararating nito sa akin. Magtatanong ako sa mga di ko alam tulad ng ___________________
___________________________________________________________

5. Pipili ako ng babasahin. Ang babasahin ko ay __________________
___________________________________________________________

6. Kapag nakakita ako ng simbolong "Parental Guidance", yayayain kong manood ________________________________________________

7. Mahilig ako sa awit. Ang pakikinggan kong awit ay
___________________________________________________________

8. Gagamit ako ng internet kung ________________________________

9. Gagamit ako ng cellphone kung ______________________________

10. Ang pagbabagong dulot sa akin ng media ay
___________________________________________________________

## VII. Gaano Ka Natuto?

I. Sinasabi na ang telebisyon ay nakalilinang ng limang dimension ng tao. Sa mga pangungusap sa ibaba, isulat kung anong dimension ang tinutukoy nito. Isulat ang mga simbolo lamang.

P - **Pisikal**; In - **Intelektual**
E – **Emosyonal** Is - **Ispiritual**
Pn - **Panlipunan**

1. Nagiging maayos ang pagkilos at gawi sa iba't-ibang klase ng tao. _____________
2. Natututong tanggapin ang mga hamon sa kabila ng kabiguan. ______________
3. Lumalawak ang bukabolaryo, imahinasyon, pagguhit, memorya at kaalaman sa siensya at sining._____________
4. Isinasapuso at naisasagawa ang mga pagpapahalagang moral at pandaigdigang batas. (Universal Truth) _______________
5. Nagkakaroon ng kaalaman sa pangangalaga sa kalinisan at kalusugan ng katawan, pag-aayos ng sarili at wastong nutrisyon. ______________
6. Natututuhan ang mga panlipunang konsepto ng katotohanan. __________
7. Nagkakaroon ng disiplina at inspirasyon sa mga modelong nakakatanda. _____________
8. Natututuhan ang mga inpormasyon at unibersal na katotohanan. ___________
9. Naisasapuso ang mga pagpapahalagang moral. ______________
10. Maaaring mahilig sa isports at ehersisyo. ____________

II. Lagyan ng tsek **( / )** kung **Tama** at sero **(0)** kung **Mali.**

_______ 1. Ang mga palatuntunang pambata ay lumalaganap na sa iba't-ibang tsanel sa telebisyon.
_______ 2. Kailangang gabayan ang bata sa panonood ng telebisyon lalo na ng mga palabas ng may simbolong "parental guidance".
_______ 3. Nagiging masaya at buo ang pamilya kung may telebisyon.
_______ 4. Dahil sa internet, nagiging mabilis ang takbo ng negosyo sa pagdaigdigang palengke.
_______ 5. Malakas na impluwensya ng media sa ikinikilos ng mga kabataan.

III. Sumulat ng isang sanaysay na bumabanggit ng paraan na magagawa ng telebisyon sa katatagan ng pamilya. Maaari mong banggitin ditto ang limang dimension ng pagkatao na nahuhubog ng telebisyon.

Telebisyon: Instrumento sa Katatagan ng Pamilya

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

## VIII. Mga Sanggunian


Belen, Saturnino G. Jr. Exec. Publisher.
*Quality Teacher*, Volume 3, No. 4, 2000

De Las Llagas, Clotilde, ESP, Morada, Maria Luz
*1996. Pag-usapan Natin: Ang Media . . . .*
*Ang Pilipino . . . .atbp.* Daughters of St. Paul,
Pasig City, Philippines. 1996

Esteban, Esther Joos, *Values Education: What, Why, and For Whom,* Sinagtala Publishers Inc. Manila, 1989


### Susi sa Pagwawasto

A. (Ayon sa sariling ideya, kuro-kuro at karanasan.)

B.
1. D
2. D
3. A
4. A
5. D

Paano Ka Natuto?

I.

| | |
|---|---|
| 1. Pn | 6. Pn |
| 2. E | 7. E |
| 3. In | 8. Is |
| 4. Is | 9. Is |
| 5. P | 10. P |

II.
1. /
2. /
3. 0
4. /
5. /

III. Gamiting gabay ang rubric sa ibaba sa pagbibigay ng puntos sa isinulat na sanaysay.

| Napakahusay<br><br>5 | Mahusay<br><br>4 | Katamtaman<br><br>3 | Maaari pang mapahusay<br>2 | Kailangang Pagbutihin<br>1 |
|---|---|---|---|---|
| Bumanggit ng 5 dimensyon na nalilinang | Bumanggit ng 4 na dimensiong nalilinang | Bumanggit ng 3 dimensyong nalilinang | Bumanggit ng 1 o 2 dimensyong nalilinang | Walang nabanggit na dimensyong nalinang |
| Malinaw ang paglalahad ng mga ideya | Medyo may kalinawan ang paglalahad ng mga ideya | May kalabuan ang ilang ideya | May kalabuan ang karamihan ng mga ideya | Malabo ang ideya |
| Maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga pangungusap | Medyo maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga pangungusap | May kaguluhan ang pagkakasunod-sunod ng mga pangungusap | May kaguluhan ang pagkakasunod-sunod ng maraming pangungusap | Hindi maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga pangungusap |
| Makatotohanan ang lahat ng ideyang binanggit | Makatotohanan ang marami sa ideyang binanggit | Makatotohanan ang ilan sa mga ideyang binanggit | Makatotohanan nang kaunti ang mga ideyang binanggit | Walang katotohanan ang mga ideyang binanggit |